*makakarating sa Ama kundi sa pamamagitan ko.*" **Juan 14:6**, ang wika Niya. At "*walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.*" **Gawa 4:12**. Tanging kay Jesus lamang matatamo ang kaligtasan, ang buhay na walang hanggan! Hindi sa pamamagitan maging ng ating pagsunod sa kautusan sapagkat sinasabi ng Biblia na "*sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ay walang tao na ituturing na ganap sa paningin niya.*" **Roma 3:20**. Kaibigan, sumampalataya ka na ba sa Kaniya? Nilinis ka na ba ng banal na dugo Niya na tanging may bisang maghugas sa lahat ng mga kasalanan mo? Tinanggap mo na ba Siya bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas? "*"Manampalataya ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan."*" **Gawa 16:31**.

## TANGING SA BIYAYA LAMANG

At dahil sa ang kaligtasan at buhay na walang hanggan ay hindi matatamo sa pamamagitan ng mabubuting gawa, maging sa pagsunod lamang sa kautusan, o maging sa pag-anib lamang sa anumang relihiyon o simbahan, ito'y tanging sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos! Ang biyaya ay ang pabor na ating tinanggap mula sa Diyos, hindi natin ito pinaghirapan o pinagpaguran, ito ay ibinigay sa atin ng walang bayad sa kabila ng hindi natin pagiging karapatdapat. Kaibigan, ang kaligtasan ay tanging sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos, hindi sa sarili nating paghihirap, hindi sa sarili nating magagawa! "*Sapagkat nagpakita ang biyaya ng Diyos, na nagdadala ng kaligtasan sa lahat ng tao.*" **Tito 2:10**. Ang biyayang ito ay para sa lahat ng tao, hindi para sa iilan lamang na pinili! At dahil tayo ay iniligtas sa pamamagitan ng biyaya, ang biyaya ring ito ang siyang mag-iingat sa atin upang hindi na tayo mahulog pang muli sa kasalanan. Atin nawang palaging tandaan na "*Sapagkat sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos, hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki.*" **Efeso 2:8,9**.

## IKAW AY ANAK NA NG DIYOS

At dahil nalaman mo na ang pag-ibig ng Diyos para sa iyo, at kinilala mo na ikaw ay isang makasalanan, sa pagsisisi at pagpapahayag ng iyong mga kasalanan, ikaw ay lumapit sa ating Panginoong Jesus na may pananampalataya, at dahil sa Kaniyang saganang biyaya ay tinanggap mo na Siya bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas, ikaw ngayon ay anak na ng Diyos! Sinasabi sa atin ng Biblia, *"Subalit ang lahat ng tumanggap sa kanya na sumasampalataya sa kanyang pangalan ay kanyang pinagkalooban sila ng karapatan na maging mga anak ng Diyos, na ipinanganak hindi sa dugo, o sa kalooban ng laman, o sa kalooban ng tao, kundi ng Diyos."* **Juan 1:12,13**. "*Masdan ninyo kung anong uri ng pag-ibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo'y matawag na mga anak ng Diyos...*" **1 Juan 3:1**. Kaibigan, ito ang kapangyarihan na dulot ng evangelio! (**Roma 1:16**)

"Kaya't kung ang sinuman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang; ang mga lumang bagay ay lumipas na, tingnan ninyo, ang lahat ay naging bago." 2 Corinto 5:17

Aking dalangin na naging pagpapala ang munting babasahin na ito. Kung ikaw ay may mga tanong o para sa karagdagang kopya, mangyari lamang na makipag-ugnayan sa:

**Gospel Workers Ministry (Philippines)**
0930-772-4198/ www.gospel-workersph.com

Ang lahat ng mga sitas mula sa mga Kasulatan ay hango mula sa Ang Bagong Ang Biblia, 2001, Philippine Bible Society.



# ANG DAAN TUNGO SA KALIGTASAN

Juan 3:16

"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."



## INIIBIG KA NG DIYOS

Oo, iniibig ka Niya! Sapagkat ang likas ng Diyos ay pag-ibig (**1 Juan 4:8**), sinasabi ng Biblia na "*Inibig kita ng isang walang hanggang pag-ibig, kaya't ipinagpatuloy ko ang aking kagandahang-loob sa iyo.*" **Jer. 31:3**. Kaibigan, hindi aksidente na binabasa mo ito ngayon, nais ng Diyos na malaman mo na iniibig ka Niya sa kabila ng mga pagkukulang at mga kasalanan mo. Kaya nga, "*pinatutunayan ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin, na noong tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin.*" **Roma 5:8**. Inibig tayo ng Diyos sa kabila ng ating pagiging makasalanan, noong tayo ay malayo at hiwalay pa sa Kaniya. Ang pag-ibig na ito ay ipinahayag sa atin noong, "*sinugo ng Diyos ang kanyang bugtong na Anak sa sanlibutan upang tayo ay mabuhay sa pamamagitan niya.*" **1 Juan 4:9**. Si Cristo ang naging "*pantubos sa ating mga kasalanan.*" **tal. 10**. Siya ang "*Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!*" **Juan 1:29**. Ikaw at ako ang dahilan kung bakit si Cristo ay naparito sa sanlibutan upang sa pamamagitan Niya ay magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan.

## IKAW AY ISANG MAKASALANAN

Pangunahing hakbang upang matamo natin ang buhay na walang hanggan ay ang pagkilala na tayo ay makasalanan. Sinasabi sa atin ng Biblia, "*Ngunit pinaghiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Diyos, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagkubli ng kanyang mukha sa inyo...*" **Isaias 59:2**. Dahil sa kasalanan, tayo ay napalayo sa Diyos at tayong lahat "*...ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.*" **Roma 3:23**. Kung kaya't, "*walang matuwid, wala, wala kahit isa.*" **Roma 3:10**. Ano ba ang kasalanan? Malinaw ang sinasabi sa atin ng Biblia na "*ang kasalanan ay ang paglabag sa kautusan.*" **1 Juan 3:4**. Ito ay ang paglabag sa hayag na kalooban ng Diyos na nakapaloob sa Kaniyang 10 mga utos! "*Ang kautusan ay banal, at ang utos ay banal, at matuwid, at mabuti.*" **Roma 7:12**. Ang kautusan ay nagtataglay ng mismong likas ng Diyos kung paanong Siya ay banal, matuwid at mabuti! At dahil tayo ay nga ay makasalanan, lumabag sa Kaniyang kautusan, tayo ay nararapat lang sa parusang kamatayan. "*Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; ngunit ang kaloob ng Diyos na walang bayad ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin.*" **Roma 6:23**.

## KAILANGAN MONG MAGSISI

Yamang nalaman na natin na tayo ay makasalanan at nararapat sa kamatayan, tayo naman ngayon ay tinatawagan upang magsisi. Ang wika ng ating Panginoong Jesus, "*Subalit malibang kayo'y magsisi, mapapahamak din kayong lahat tulad nila.*" **Lucas 13:3**. Sapagkat ang Diyos ay mabuti, mahabagin at mapagmahal, ang wika Niya, "*wala akong kasiyahan sa kamatayan ng masama, kundi ang masama ay tumalikod sa kanyang lakad at mabuhay. Manumbalik kayo, manumbalik kayo mula sa inyong masasamang lakad; sapagkat bakit kayo mamamatay, O sambahayan ni Israel?*" **Ezekiel 33:11**. Ang pagsisisi ay ang pagkilala na tayo ay nawaglit sa piling ng Diyos dahil sa kasalanan at ang pagnanais natin na manumbalik sa Kaniya. "*Kaya nga magsisi kayo at magbalik-loob upang mapawi ang inyong mga kasalanan.*" **Gawa 3:19**. At dahil ang pagsisisi ay kaloob ng Diyos sa mga taong kinikilos ng Kaniyang Banal na Espiritu, ito ay hindi nararapat na tanggihan at isantabi. Kaibigan, kung ito ang iyong nararamdaman sa ngayon, at kung ito ang nais ng iyong puso, ikaw ay mapalad! Ating alalahanin na si Cristo ay pumarito upang tayong mga makasalanan ay akayin tungko sa pagsisisi. **(Lucas 5:32)**

## IPAHAYAG MO ANG IYONG PAGKAKASALA

Kasabay ng ating pagsisisi ay ang pagpapahayag ng ating mga kasalanan, nangako ang ating Diyos na, "*Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at banal na magpapatawad sa ating mga kasalanan at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan.*" **1 Juan 1:9**. Kaibigan, ang Diyos ay Diyos na sagana sa kahabagan at punong-puno ng kapatawaran! Hindi Niya binibilang kung gaano karaming mga kasalanan ang nagawa natin sa Kaniya sapagkat sa oras na ipahayag natin ang mga ito, tatamuhin natin ang kapatawaran! Siya ay nangako na, "*bagaman ang inyong mga kasalanan ay tulad ng matingkad na pula, ang mga ito'y magiging mapuputi na parang niyebe; bagaman ito'y mapulang-mapula, ang mga ito'y magiging parang balahibo ng tupa.*" **Isaias 1:18.** Ito ang Kaniyang pangako sa sinumang magpapahayag ng kanilang mga kasalanan. "*Siyang nagtatakip ng kanyang mga pagsuway ay hindi sasagana, ngunit ang nagpapahayag at tumatalikod sa mga iyon ay magtatamo ng awa.*" **Kawikaan 28:13**.

## IKAW AY SUMAMPALATAYA

Matapos nating pagsisihan at ipahayag ang ating mga kasalanan, tayo naman ngayon ay inaakay upang sumampalataya sa ating Panginoong Jesus! Sinasabi sa atin ng Biblia na, "*Ang sumasampalataya sa kanya ay hindi hinahatulan...*" **Juan 3:18**. "*Ngayon nga'y wala nang kahatulan sa mga na kay Cristo Jesus.*" **Roma 8:1**. Kaibigan, dahil walang sinuman ang maaring magkaloob sa atin ng buhay na walang hanggan, ni hindi rin natin ito kayang bilhin o paghirapan, "*ang sinumang sumasampalataya ay may buhay na walang hanggan.*" **Juan 6:47**. Kailangan nating sumampalataya sa ating Panginoong Jesus sapagakat tanging Siya lamang "*ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay. Sinuman ay hindi*